

13.12.070: MGA BILL NA HINDI SINASANG-AYUNAN NG CUSTOMER:

- A. Kung sakaling may reklamo ang isang customer na sobra ang singil sa kanyang bill sa tubig, muling isasagawa ang pagbabasa ng metro at susuriin para matukoy kung mayroong mga tagas sa metro. Kung walang makitang tagas sa naturang metro, sa kahilingan ng customer, tatanggalin ang metro at sasailalim sa pag-test ayon sa itinakda nang detalye sa seksyon 13.16.030 ng pamagat na ito. Kung sakaling nasa loob ng mga naapubahang limitasyon ang resulta ng pag-test ng metro at patuloy na kinukuwestiyon ng customer ang bill sa tubig, magsasagawa ang superintendente ng tubig o ang kanyang hinirang na kinatawan ng personal na imbestigasyon sa naturang lugar na sineserbisyuhan ng metro. Kung sa nasabing imbestigasyon ay matukoy na walang dahilan para i-adjust ang nasabing bill, maaaring mag-apply ang customer (kabilang ang bayad sa singil sa aplikasyon o *application fee* na itinatag ng resolusyon ng Konseho ng Lungsod) sa Lupon para sa isang pinal at dapat sundin ayon sa batas na paghahatol, na hindi maaapela.”
- B. Kung sakaling hindi sumang-ayon ang customer sa kanyang bill sa tubig para sa anumang iba pang dahilan maliban sa labis ang pagsingil sa bill para sa kinokontestang paggamit, maaaring mag-apply ang customer (kabilang ang bayad sa singil sa aplikasyon o *application fee* na itinatag ng resolusyon ng Konseho ng Lungsod) sa Lupon para sa pinal at dapat sundin ayon sa batas na paghatol na hindi maaapela.